

Compensating Blessings

By Bishop Gérard Caussé
Presiding Bishop

Pagbibigay ng Katumbas na mga Pagpapala

Ni Bishop Gérard Caussé
Presiding Bishop

April 2025 general conference

While many circumstances in life may be beyond our control, none of us is beyond the reach of the Lord's infinite blessings.

Serving in the Presiding Bishopric, I have had the privilege of meeting Latter-day Saints around the world in a variety of places and cultures. I have been continually inspired by your abiding faith and devotion to the Lord Jesus Christ. Yet I have also been moved by the diverse and often difficult circumstances many of you face—challenges such as illness, disability, limited resources, fewer opportunities for marriage or education, abuse by others, and other limitations or constraints. At times, these trials may seem to hinder your progress and challenge your genuine efforts to live the gospel fully, making it more difficult to serve, worship, and fulfill sacred duties.

My dear friends, if you ever feel limited or disadvantaged by the circumstances of your life, I want you to know this: The Lord loves you personally. He knows your circumstances, and the door to His blessings remains wide open to you no matter the challenges you face.

I have learned this truth through a personal experience that, though seemingly insignificant, left a lasting impression on me. At the age of 22, while serving in the French Air Force in Paris, I was thrilled to learn that Elder Neal A. Maxwell,

Bagama't maraming sitwasyon sa buhay ang hindi natin kontrolado, wala sa atin ang hindi maaabot ng walang-hanggang mga pagpapala ng Panginoon.

Sa paglilingkod ko sa Presiding Bishopric, nagkaroon ako ng pribilehiyong makilala ang mga Banal sa mga Huling Araw sa iba't ibang lugar at kultura. Patuloy akong nabibigyang-inspirasyon ng inyong matatag na pananampalataya at debosyon sa Panginoong Jesucristo. Gayunman, nalulungkot din ako sa iba't ibang sitwasyon at kadalasang kinakaharap ng karamihan sa inyo—mga hamong tulad ng karamdaman, kapansanan, limitadong mapagkukunan ng ikabubuhay, kaunting pagkakataon para makapag-asawa o makapag-aral, pang-aabuso ng iba, at iba pang kakulangan o hadlang. Kung minsan, ang mga pagsubok na ito ay tila humahadlang sa inyong pag-unlad at hinahamon ang tapat na pagsisikap ninyong ipamuhay nang lubusan ang ebanghelyo, na nagpapahirap sa inyo na maglingkod, sumamba, at gampanan ang mga sagradong tungkulin.

Mahal kong mga kaibigan, kung saka-ling nadarama ninyong kayo ay nalilimitahan, napapagkaitan ng mga pagpapala dahil sa mga pangyayari sa inyong buhay, nais kong malaman ninyo ito: Mahal ng Panginoon ang bawat isa sa inyo. Alam Niya ang inyong kalagayan, at ang pinto ng Kanyang mga pagpapala ay nananatiling bukas para sa inyo anuman ang mga hamon na kinakaharap ninyo.

Nalaman ko ang katotohanang ito mula sa isang personal na karanasan na, bagama't tila simpleng bagay lamang, ay nag-iwan ng matibay na impresyon sa akin. Noong naglilingkod ako sa French Air Force sa Paris sa edad na 22,

an Apostle of the Lord, would be speaking at a conference on the Champs-Élysées. However, just before the event, I received orders to drive a senior officer to the airport at the exact time the conference was set to take place.

I was disappointed. But determined to attend, I dropped the officer off and rushed to the conference. After finding a parking spot, I sprinted down the Champs-Élysées to the meeting place and arrived breathless with only five minutes left before the meeting ended. Just as I entered, I heard Elder Maxwell say, “I will now give you an apostolic blessing.” In that instant, I had a beautiful, unforgettable spiritual experience. I was overcome by the Spirit, and the words of the blessing seemed to penetrate every fiber of my soul as though they were meant just for me.

What I experienced that day was a small yet powerful manifestation of a comforting aspect of God’s plan for His children: When circumstances beyond our control prevent us from fulfilling the righteous desires of our hearts, the Lord will compensate in ways that allow us to receive His promised blessings.

This reassuring truth is grounded in three key principles found in the restored gospel of Jesus Christ:

God loves each of us perfectly. “He inviteth [us] all to come unto him and partake of his goodness.” His plan of redemption ensures that everyone, without exception, will be granted a just opportunity to one day receive the blessings of salvation and exaltation.

Because God is both just and merciful and His plan is perfect, He will not hold us accountable for things beyond our control. Elder Neal A. Maxwell explained that “God ... takes into merciful account not only our desires and our performance, but also the degrees of difficulty which our varied circumstances impose upon us.”

Through Jesus Christ and His Atonement,

tuwang-tuwa ako nang malaman ko na si Elder Neal A. Maxwell, isang Apostol ng Panginoon, ay magsasalita sa kumperensya sa Champs-Élysées. Gayunman, bago ang kaganapan, nakatanggap ako ng utos na ihatid ang isang nakatataas na opisyal sa paliparan sa eksaktong oras na nakakadang maganap ang kumperensya.

Lungkot na lungkot ako. Ngunit dahil determinado akong dumalo, pagkababa ko sa opisyal ay nagmadali na akong pumunta sa kumperensya. Matapos makahanap ng mapaparadahan, tumakbo ako pababa sa Champs-Élysées papunta sa lugar ng miting at humihingal na nakarating nang may limang minuto na lamang ang natitira bago matapos ang miting. Pagpasok ko, narinig kong sinabi ni Elder Maxwell, “Bibigyan ko na kayo ngayon ng basbas ng apostol.” Sa sandaling iyon, nagkaroon ako ng maganda at hindi malili-mutang espirituwal na karanasan. Napuspos ako ng Espiritu at ang mga salita ng basbas ay tila tumagos sa bawat hibla ng aking kaluluwa, na para bang para lang sa akin ang mga ito.

Ang naranasan ko sa araw na iyon ay maliit ngunit makapangyarihang pagpapakita ng nakapapanatag na aspeto ng plano ng Diyos para sa Kanyang mga anak: Kapag ang mga sitwasyong hindi natin kontrolado ay humahadlang sa ating tuparin ang mabubuting hangarin ng ating puso, pupunan ito ng Panginoon sa mga paraang magpapahintulot sa atin na matanggap ang Kanyang ipinangakong mga pagpapala.

Ang nakapapanatag na katotohanang ito ay nakabatay sa tatlong mahahalagang alituntunin na nasa ipinanumbalik na ebanghelyo ni Jesu-cristo:

Bawat isa sa atin ay ganap na mahal ng Diyos. “Inaanyayahan niya [tayong] lahat na lumapit sa kanya at makibahagi sa kanyang kabutihan.” - Tinitiyak ng Kanyang plano ng pagtubos na ang lahat, nang walang eksepsyon, ay bibigyan ng makatarungang pagkakataon na balang-araw ay tumanggap ng mga pagpapala ng kaligtasan at kadakilaan.

Dahil ang Diyos ay makatarungan at maawain at ang Kanyang plano ay perpekto, hindi Niya tayo pananagutin sa mga bagay na hindi natin kontrolado. Ipinaliwanag ni Elder Neal A. Maxwell na “Maawaing isinasaalang-alang ng Diyos hindi lamang ang ating mga hangarin at pagganap, kundi pati na rin ang tindi ng kahirapan na ipinapataw sa atin ng iba’t ibang kalagayan.”

Sa pamamagitan ni Jesucristo at ng Kanyang

we can find the strength to endure and ultimately overcome all of life's challenges. As Alma taught, the Savior took upon Himself not only the sins of the repentant but also "the pains and the sicknesses of his people" and "their infirmities." Thus, beyond redeeming us from our mistakes, the Lord's mercy and grace sustain us through injustices, deficiencies, and limitations imposed by our mortal experience.

Receiving these compensating blessings comes with certain conditions. The Lord asks us to do "all we can" and to "offer [our] whole souls as an offering unto him." This requires a deep desire, a sincere and faithful heart, and our utmost diligence in keeping His commandments and aligning our will with His.

When our earnest efforts fall short of our aspirations due to circumstances beyond our control, the Lord still accepts the desires of our hearts as a worthy offering. President Dallin H. Oaks taught, "We will be blessed for the righteous desires of our hearts even though some outside circumstance has made it impossible for us to carry those desires into action."

As the Prophet Joseph Smith worried about his brother Alvin, who had died without receiving essential gospel ordinances, he received this comforting revelation: "All that shall die henceforth without a knowledge of [the gospel], who would have received it with all their hearts, shall be heirs of [the celestial kingdom of God]." The Lord then added, "For I, the Lord, will judge all men according to their works, according to the desire of their hearts."

What matters to the Lord is not merely whether we are able but whether we are willing to do all we can to follow Him as our Savior.

A friend once comforted a young missionary grieving over his early release due to health reasons, despite his sincere prayers and earnest desire to serve. This friend shared a scripture in which the Lord declared that when His children

Pagbabayad-sala, makatatagpo tayo ng lakas na magtiis at sa huli ay mapagtagumpayan ang lahat ng hamon sa buhay. Tulad ng itinuro ni Alma, dinala ng Tagapagligtas sa Kanyang Sarili hindi lamang ang mga kasalanan ng nagsisisi kundi pati na rin ang "mga pasakit at ang mga sakit ng kanyang mga tao" at "ang kanilang mga kani-naan." Kaya, bukod pa sa pagtubos sa atin mula sa ating mga pagkakamali, ang awa at biyaya ng Panginoon ay nagpapatatag sa atin sa gitna ng mga kawalang-katarungan, kakulangan, at limitasyon na ipinapataw ng ating karanasan sa mundo.

Ang pagtanggap ng mga katumbas na pagpapalang ito ay may ilang kundisyon. Hinihiling sa atin ng Panginoon na gawin "ang lahat ng ating magagawa" at "ialay ang [ating] buong kaluluwa bilang handog sa kanya." Nangangailangan ito ng masidhing hangarin, matapat na puso, at lubos na pagsisikap sa pagsunod sa Kanyang mga kautusan at pag-ayon ng ating kalooban sa Kanya.

Kapag sa kabila ng ating taimtim na pagsisikap ay hindi natupad ang ating mga hangarin dahil sa mga pangyayaring hindi natin kontrolado, tinatanggap pa rin ng Panginoon ang mga hangarin ng ating puso bilang karapat-dapat na handog. Itinuro ni Pangulong Dallin H. Oaks, "Pagpapalain tayo dahil sa mabubuting hangarin ng ating puso kahit na imposible nating maisakatuparan ang mga hangaring iyon dahil sa mga pangyayaring hindi natin mababago."

Habang nag-aalala si Propetang Joseph Smith tungkol sa kanyang kapatid na si Alvin, na namatay nang hindi nakatanggap ng mahahalagang ordenansa ng ebanghelyo, natanggap niya ang nakapapanatag na paghahayag na ito: "Lahat ng nangamatay na walang kaalaman sa [ebanghelyo], na [tatanggapin sana ito nang buong puso] ay magiging tagapagmana [ng kahariang selestiyal ng Diyos]." At idinagdag ng Panginoon, "Sapagka't ako, ang Panginoon, ay hahatulan ang lahat ng tao alinsunod sa kanilang mga gawa, alinsunod sa pagnanais ng kanilang mga puso."

Ang mahalaga sa Panginoon ay hindi lamang kungkayanatin kundi kunghandatatayong gawin ang lahat ng ating makakaya para sundin Siya bilang ating Tagapagligtas.

Isang kaibigan ang pinanatag minsan ang isang batang missionary na naghihinagpis sa maagang pagka-release dahil sa karamdaman, sa kabila ng taos-pusong panalangin at taimtim na pagnanais nito na maglingkod. Ang kaibigang ito

“go with all their might” and “cease not their diligence” to fulfill His commandments, “and their enemies [which may include adverse circumstances in our lives] hinder them from performing that work, behold, it behooveth me to require that work no more at the hands of those [people], but to accept of their offerings.”

My friend testified to this young man that God knew he had given his very best in answering the call to serve. He assured him that the Lord had accepted his offering and that the blessings promised to all faithful missionaries would not be withheld.

The Lord’s compensating blessings often come through the kindness and service of others who help us accomplish what we cannot do on our own. I remember a time when, living far from one of our daughters in France, we felt helpless to assist her after a difficult delivery. That same week our ward in Utah sought help for a mother who had just given birth to twins. My wife, Valérie, volunteered to bring a meal for her, with a prayer in her heart for both this new mother and our daughter in need. Soon after, we learned that the sisters in our daughter’s ward in France had organized to provide meals for her family. To us, God had answered our prayers, sending His angels to bring comfort when we couldn’t.

When facing limitations and challenges, may we recognize our own blessings—our gifts, resources, and time—and use them to serve those in need. In doing so, we will not only bless others but invite healing and compensation into our own lives.

One of the most powerful ways we may contribute to God’s compensating blessings is through the vicarious work we do for our ances-

ay nagbahagi ng isang talata sa banal na kasulatan kung saan sinabi ng Panginoon na kapag ang Kanyang mga anak ay “gaganap nang buo nilang lakas” at “hindi tumitigil sa kanilang pagsisig” upang masunod ang Kanyang mga kautusan, “ang kanilang mga kaaway [na maaaring kabilangan ng mahihirap na kalagayan sa ating buhay] [ay hinahadlangan] silang magampanan ang gawaing yaon, masdan, mamarapatin ko na huwag nang hingin ang gawaing yaon sa mga kamay ng [mga taong iyon], kundi [tanggapin] ang kanilang mga handog.”

Pinatotohanan ng kaibigan ko sa binatang ito na alam ng Diyos na ibinigay niya ang lahat ng makakaya niya sa pagtugon sa tawag na maglingkod. Tiniyak niya sa kanya na tinanggap ng Panginoon ang kanyang handog at hindi ipagkalkait ang mga pagpapalang ipinangako sa lahat ng matatapat na missionary.

Ang mga katumbas na pagpapalang ibinigay ng Panginoon ay kadalasang nakikita sa kabaitan at paglilingkod ng iba na tumutulong sa atin na maisakatuparan ang hindi natin kayang gawin nang mag-isa. Naaalala ko ang isang pagkakataon na dahil nakatira kami na malayo sa isa sa aming mga anak na babae sa France, wala kaming magawa para matulungan siya matapos ang delikadong panganganak. Nang linggo ring iyon humingi ng tulong ang aming ward sa Utah para sa isang ina na kakapanganak lang ng kambal. Ang asawa kong si Valérie ay nagboluntaryong dalhan ito ng pagkain, na may panalangin sa kanyang puso para sa bagong ina at sa aming anak na nangangailangan. Hindi nagtagal, nalaman namin na ang mga sister sa ward ng aming anak sa France ay nag-organisa para maglaan ng pagkain para sa kanyang pamilya. Para sa amin, sinagot ng Diyos ang aming mga panalangin, at ipinadala ang Kanyang mga anghel upang magbigay ng ginhawa sa panahong hindi namin ito magawa.

Kapag nahaharap sa mga limitasyon at hamon, nawa’y kilalanin natinang ating sariling mga pagpapala—ang ating mga kaloob, kabuhatan, at oras—at gamitin ang mga ito sa paglilingkod sa mga nangangailangan. Sa paggawa nito, hindi lamang natin pagpapalain ang iba kundi mag-aanyaya rin tayo ng paggaling at katumbas na pagpapala sa ating sariling buhay.

Isa sa mga pinakamabisang paraan para makapag-ambag tayo ng katumbas na mga pagpapala ng Diyos sa iba ay sa pamamagitan

tors in the house of the Lord. As we perform ordinances on their behalf, we actively participate in the Lord's great work of salvation, using our gifts and abilities to provide blessings to those who did not have the opportunity to receive them during their mortal lives.

The loving service we offer in holy temples reminds us that the Savior's grace extends beyond this life. In the life to come, we may be given new opportunities to accomplish what we could not do in this mortal life. Speaking to sisters who had not yet found an eternal companion, President Lorenzo Snow lovingly said: "There is no Latter-day Saint who dies after having lived a faithful life who will lose anything because of having failed to do certain things when opportunities were not furnished him or her. ... They will have all the blessings, exaltation and glory that any man or woman will have who had this opportunity."

This message of hope and comfort is for all of us, children of God. None of us can escape the challenges and limitations of mortality. After all, we are all born with an inherent incapacity to save ourselves. Yet we have a loving Savior, and "we know that it is by [His] grace that we are saved, after all we can do."

I testify that while many circumstances in life may be beyond our control, none of us is beyond the reach of the Lord's infinite blessings. Through His atoning sacrifice, the Savior will compensate for every inability and injustice if we offer our whole souls to Him. In the name of Jesus Christ, amen.

ng gawaing ginagawa natin para sa ating mga ninuno sa bahay ng Panginoon. Kapag isinasagawa natin ang mga ordenansa para sa kanila, aktibo tayong nakikibahagi sa dakilang gawain ng kaligtasan ng Panginoon, ginagamit ang ating mga kaloob at kakayahan upang magbigay ng mga pagpapala sa mga taong hindi nagkaroon ng pagkakataong tumanggap ng mga ito sa kanilang buhay sa mundo.

Ang mapagmahal na paglilingkod na ibinigay natin sa loob ng mga banal na templo ay nagpapaalala sa atin na ang biyaya ng Tagapagligtas ay hindi lamang para sa buhay na ito. Sa buhay na darating, maaari tayong mabigyan ng mga bagong pagkakataon na maisakatuparan ang hindi natin magagawa sa mortalidad. Sa kanyang mensahe sa kababaihan sa Simbahan na wala pang natatagpuang makakasama sa walang-hanggan, sinabi ni Pangulong Lorenzo Snow: "Walang sinumang Banal sa mga Huling Araw na mamamatay pagkatapos mamuhay nang tapat ang mawawalan ng anumang bagay dahil sa nabigo silang gawin ang ilang bagay samantalang hindi naman siya nabigyan ng pagkakataon para magawa iyon. ... Matatamo nila ang lahat ng pagpapala, kadakilaan at kaluwalhatian na matatamo ng sinumang lalaki o babae na nagkaroon ng oportunidad na ito."

Ang mensaheng ito ng pag-asa at kapanatagan ay para sa ating lahat, na mga anak ng Diyos. Hindi matatakas ang sinuman sa atin ang mga hamon at limitasyon ng mortalidad. Lahat tayo ay ipinanganak na likas na walang kakayahang iligtas ang ating sarili. Gayunman, mayroon tayong mapagmahal na Tagapagligtas, at "nalalaman [nating] naligtas tayo sa pamamagitan ng [Kanyang] biyaya, sa kabila ng lahat ng ating magagawa."

Pinatotohanan ko na bagama't maraming sitwasyon sa buhay ang hindi natin kontrolado, wala sa atin ang hindi maaabot ng walang-hanggan mga pagpapala ng Panginoon. Sa pamamagitan ng Kanyang nagbabayad-salang sakripisyo, tutumbasan ng Tagapagligtas ang bawat kawalang-kakayahan at kawalang-katarungan kung iaalay natin ang ating buong kaluluwa sa Kanya. Sa pangalan ni Jesucristo, amen.